WOMEN'S BUREAU
U.S. DEPARTMENT OF LABOR

# FACT SHEET

PEBRERO 2024

*Walang alinmang bahagi ng dokumentong ito ang itinuturing na legal na payo. Para lamang sa layuning magbigay ng impormasyon ang mga materyales na ipinagkakaloob ng Kawanihan ng Kababaihan (Women's Bureau) at hindi naglalayong maging kapalit ng paghingi ng legal na payo.*

# Karahasan at Panliligalig Batay sa Kasarian sa Mundo ng Trabaho



*May karapatan ang lahat sa mundo ng trabaho na malaya sa karahasan at panliligalig batay sa kasarian.*

Mahalaga ang kababaihan sa puwersa ng paggawa para sa ekonomikong seguridad ng bansa. Ang Kawanihan ng Kababaihan (Women's Bureau) ay nagtataas ng kamalayan tungkol sa mga patakaran at pamantayang pumoprotekta sa mga interes ng kababaihang manggagawa; nagsusulong ng pagkakapantay-pantay at ekonomikong seguridad ng kababaihan at kanilang mga pamilya; at nagtataguyod ng mga dekalidad na kapaligiran sa pagtatrabaho.

## ANO ANG KARAHASAN AT PANLILIGALIG BATAY SA KASARIAN?

- Ang terminong "karahasan at panliligalig batay sa kasarian" ("gender-based violence and harassment" o GBVH) ay tumutukoy sa hanay ng mga di-katanggap-tanggap na asal at kagawian, o mga banta ng pagkakaroon ng ganoon, na nagaganap nang isang beses man o paulit-ulit, na naglalayon ng, nagreresulta sa, o malamang na magresulta sa kapinsalaang pisikal, sikolohikal, seksuwal, o ekonomiko. Partikular dito, tumutukoy ang termino sa karahasan at panliligalig na nakadirekta sa mga tao dahil sa kanilang kasarian (kapwa sex o gender), o di-pantay na nakaaapekto sa mga tao na may partikular na kasarian, at kinabibilangan ng seksuwal na panliligalig na binigyang-kahulugan sa Kumbensyon hinggil sa Karahasan at Panliligalig (Convention on Violence and Harassment o C190) ng Pandaigdigang Organisasyon ng Paggawa (International Labour Organization o ILO).

## ANO ANG MUNDO NG TRABAHO?

- Pinalalawak ng pariralang "mundo ng trabaho" ang saklaw kung saan nagaganap ang trabaho. Tumutukoy ito hindi lamang sa mga tradisyunal na lugar na pinagtatrabahuhan, kundi kung saanman binabayaran ang mga manggagawa, nagpapahinga, lumalahok sa pagsasanay na may kaugnayan sa trabaho, o nakikilahok sa mga pakikipag-ugnayang may kaugnayan sa trabaho. Tulad ng kahulugang isinasaad sa ILO C190, tumutukoy ang "mundo ng trabaho" sa anumang espasyo "sa kurso ng, nakakawing sa, o nagmumula sa trabaho."

## MALAGANAP SA LAHAT NG INDUSTRIYA AT TRABAHO ANG KARAHASAN AT PANLILIGALIG BATAY SA KASARIAN SA MUNDO NG TRABAHO.

- Nangangahulugan ang "GBVH sa mundo ng trabaho" na nagaganap ang GBVH sa iba't ibang konteksto ng lugar na pinagtatrabahuhan.
- Posibleng maranasan ang GBVH habang:
    - Nagtatrabaho kasama ang mga customer, tulad ng mga nasa sektor ng restawran at ospitalidad (restaurant and hospitality);
    - Nagtatrabaho sa mga lokasyong nasa labas ng lugar ng trabaho (off-site) o malayo sa lugar ng trabaho (remote), tulad sa mga sakahan o sa loob at paligid ng mga minahan;
    - Nagpapahinga, tulad sa mga silid-pahingahan;
    - Nakikipag-ugnayan online, tulad ng sa pamamagitan ng email o social media;
    - Natutulog sa mga espasyong ipinagkaloob ng employer, tulad sa mga himpilan ng bombero, mga dormitoryo ng manggagawa o mga lokasyong malayo sa lugar ng trabaho, o pribadong tahanan ng employer;
    - Nagtatrabaho sa sasakyan, tulad ng mga drayber ng truck at ng mga ride-sharing;
    - Dumadalo sa mga propesyunal na kumperensya o mga pagbisita sa lugar ng trabaho; o
    - Tumutupad sa pagbiyaheng kaugnay ng trabaho o trabahong malayo sa lugar ng trabaho.
- Nagkakaroon din ng mga epekto (spillover effects) sa mundo ng trabaho ang mga GBVH, kabilang ang karahasan sa tahanan, seksuwal na atake at lihim na pagmamanman, na nagaganap sa labas ng konteksto ng lugar na pinagtatrabahuhan, at nakaaapekto ang mga ito sa pangkalahatang kaligtasan sa lugar na pinagtatrabahuhan at sa paggampan sa trabaho, attendance, o kakayahan ng survivor na makahanap o makapagpanatili ng trabaho.

WOMEN'S BUREAU
U.S. DEPARTMENT OF LABOR

# FACT SHEET

## NAGSISIKAP ANG KAWANIHAN NG KABABAIHAN PARA WAKASAN ANG MGA KARAHASAN AT PANLILIGALIG BATAY SA KASARIAN SA MUNDO NG TRABAHO.

- Itinatag noong 1920, ang Kawanihan ng Kababaihan ay ang natatanging pederal na ahensya na inaatasang kumatawan sa mga pangangailangan ng kababaihang sahuran. Sa mahigit 100 taon, nasa unahan kami ng adbokasiya para sa manggagawang kababaihan. Natutupad namin ang aming misyon sa pamamagitan ng kumbinasyon ng pananaliksik at pagsusuri ng patakaran, paggawa ng grant, at edukasyon at outreach. Mula sa aming pagkakatatag, itinataguyod ng Kawanihan ng Kababaihan ang mga pinahusay at ligtas na kondisyon sa pagtatrabaho para sa kababaihan sa mga lugar na pinagtatrabahuhan.
- Hindi limitado ang “mga kondisyon sa ligtas na pagtatrabaho” sa kaligtasan mula sa mga peligro tulad ng mga kemikal at sunog, nangangahulugan din ito ng kalayaan sa GBVH. Pangunahing hadlang ang GBVH sa pag-access sa trabaho at pagpapanatili ng ekonomikong seguridad para sa lahat ng manggagawa, lalo na ang kababaihang manggagawa, kababaihang mula sa lahing may kulay, kababaihang may kapansanan, mga manggagawang LGBTQIA+, at kababaihang imigrante.
- Pangunahing hadlang din ang GBVH sa pagrerekluta at pagpapanatili ng mga manggagawa. Halimbawa, iniuulat ng EEOC na itinutulak ng diskriminasyon at panliligalig ang kababaihan para umalis sa mga programang pang-apprentice at ang kababaihang mula sa lahing may kulay para hindi pumasok sa industriya ng konstruksyon.
- Ang pagtitiyak na malaya ang mga manggagawa mula sa karahasan at panliligalig ay nasa ubod ng paglikha ng lugar na pinagtatrabahuhang ligtas, patas, at puno ng paggalang.

## PAANO PINANGUNGUNAHAN NG KAWANIHAN NG KABABAIHAN ANG MGA PAGSISIKAP PARA WAKASAN ANG MGA KARAHASAN AT PANLILIGALIG BATAY SA KASARIAN SA MUNDO NG TRABAHO?

*Pambansang Plano ng U.S. para Wakasan ang Karahasan Batay sa Kasarian*

- Noong Mayo 2023, inilabas ng White House ang pinakaunang Pambansang Plano ng U.S. para Wakasan ang Karahasan Batay sa Kasarian. Inilalatag ng plano ang landas para sa buong-pamahalaang pagsisikap para maiwasan at matugunan ang karahasan batay sa kasarian sa United States. Partikular nitong kinikilala na nakaaapekto sa negatibong paraan ang karahasan batay sa kasarian sa kaligtasan at ekonomikong seguridad ng mga survivor at manggagawa.
- Nagsusumikap ang Kawanihan ng Kababaihan kasama ang mga pederal na partner para ipatupad ang mga aksyong binalangkas sa Pambansang Plano.

*Programang Grant sa Pagpapayaman ng Pag-access, mga Karapatan, at Pagkakapatas (Fostering Access, Rights, and Equity)*

- Ang Programang Grant na FARE ng 2023 ang unang programang grant ng Kagawaran ng Paggawa (Department of Labor) ng U.S. na tanging nakalaan para suportahan ang mga pagsisikap ng mga organisasyong pangkomunidad para mapigilan ang at rumesponde sa GBVH sa mundo ng trabaho.

*Pakikipagtulungan sa Tanggapan ng Pandaigdigang Organisasyon ng Paggawa (International Labour Organization o ILO) para sa United States at Canada*

- Ang ILO Convention 190 ang unang pandaigdigang kasunduan para kilalanin ang karapatan ng lahat sa mundo ng trabaho na malaya mula sa karahasan at panliligalig, kabilang ang GBVH.
- Ang Kawanihan ng Kababaihan at Tanggapan ng ILO para sa U.S. at Canada ay nakikipag-ugnayan sa mga manggagawa, employer, unyon, advocate at survivor sa pamamagitan ng serye ng mga panrehiyong kumbensyon para iangat ang mga prinsipyo ng ILO C190 sa U.S., talakayin ang pinakamahuhusay na kagawian ng industriya para mapigilan ang at rumesponde sa GBVH sa mundo ng trabaho at suportahan ang mga survivor.

### Interesado ka ba sa pakikipagtulungan para sa mga pagsisikap na wakasan ang GBVH sa mundo ng trabaho?

**Bisitahin ang website ng Kawanihan ng Kababaihan para matuto pa:**
**dol.gov/agencies/wb/topics/GBVH**